Bay Area Air District

# Van para sa Mobile na Pagmonitor ng Hangin para sa Mga Pagsisiyasat sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad

## Sino Kami

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable sa pagbawas ng polusyon sa hangin at pagprotekta sa hanging hinihinga natin sa Bay Area.

## Ang Ginagawa Namin

Gumagamit ang Distrito ng Hangin ng van para sa pagmonitor ng hangin para mangolekta ng tumpak at lokal na mga datos ng kalidad ng hangin sa ating mga komunidad sa Bay Area. Ang van ay may ilang ligtas na hindi invasive, at mga makabagong instrumento para sa kalidad ng hangin na sumusukat sa mga iba't ibang uri ng polusyon. Minamaneho namin ang van na ito direkta sa mga komunidad at kapitbahayan para mas masuri ang hanging hinihinga ng mga tao. Maaaring makita mong nag-iikot ang van na ito sa iyong komunidad sa kabuuan ng araw. Sana'y makita mo kami sa akto!

## Bakit Namin Ginagawa Ito

Bagama't maraming bagay ang nag-aambag sa kalinisan ng hangin sa partikular na lugar, mas maraming pinagmumulan ng polusyon sa ilang lokasyon kaysa sa iba. Sinusuri namin ang hangin sa Bay Area para malaman pa ang tungkol sa hanging hinihinga natin at makatulong sa pagbibigay-kaalaman sa mga hakbang na makakapagpaganda sa hangin natin. Narito kami para sa iyo!



## Gawaing Pinangungunahan ng Komunidad

Sa mga proyekto sa pagmonitor ng hangin sa komunidad sa loob ng Bay Area, naririnig ang mga boses ng mga komunidad. Tumutulong ang mga grupong binubuo ng mga taong nakatira at nagtatrabaho sa komunidad na gabayan kung saan dapat ituon ang ating mga pagsisikap para bigyang-priyoridad ang mga komunidad na nakakaranas ng mas malalang kalidad ng hangin kaysa sa mga iba. Nakikilahok ang mga grupong sa komunidad at mga lokal na residente sa mga iba't ibang antas para tumulong sa pagbuo ng plano ng hakbang, kasama ang pagmonitor sa hangin at pagbawas ng polusyon sa hangin. Kasalukuyang nakikipagtulungan ang ilang komunidad na kinabibilangan ng Richmond-North Richmond-San Pablo, West Oakland, East Oakland, at Bayview Hunters Point-Southeast San Francisco.

## Pagsali at Pag-alam ng mga Karagdagang Impormasyon

Binubuo ang mga grupo sa komunidad ng mga nonprofit na organisasyon, akademikong institusyon, lokal na stakeholder na nagsusulong para sa mga komunidad, at taong katulad mo. Para sumali o makipag-ugnayan sa iyong lokal na grupo sa komunidad, makipag-ugnayan sa amin sa analysis@baaqmd.gov.

## Para sa mas maraming pang detalye:

**VAN PARA SA MOBILE NA PAGMONITOR SA HANGIN AT ANG DOKUMENTONG ITO SA IBANG MGA WIKA:** baaqmd.gov/mobilemonitoring

**PROGRAMA SA PAGPROTEKTA SA KALUSUGAN NG KOMUNIDAD:** baaqmd.gov/chpp

**GAWAIN NG EAST OAKLAND:** baaqmd.gov/eastoakcam

**GAWAIN NG RICHMOND-NORTH RICHMOND-SAN PABLO:** baaqmd.gov/ab617rsp

**KALIDAD NG HANGIN AT KALUSUGAN:** baaqmd.gov/airpollution

**MAY MGA TANONG?** Makipag-ugnayan sa: analysis@baaqmd.gov

**CLEAN AIR FOR ALL**

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict